



Nangungunang 10 Bagay na Dapat Ikonsidera Kapag Kinakausap ang Mga Magulang Tungkol sa Attendance

- 1. Pakitunguhan ang isyu ng mga hindi pagpasok sanhi ng pag-aalala, kaysa batay sa pagsunod sa patakaran**
 - ✓ Iparamdam sa mga magulang na mayroon silang suporta mula sa inyo, kaysa sa pakiramdam na guilty at nagkakaproblema
- 2. Tukuyin ang mga hindi pagpasok ayon sa buwan, kaysa sa kada taon.**
 - ✓ Ituro na ang "2 araw na di nakapasok kada buwan" ay may mga konsekwensya, sa halip na "18 araw na hindi nakapasok kada taon"
- 3. Gumamit ng simple at madaling maunawaan na lengguwahe**
 - ✓ Iwasan ang magugulog ng mga istatistika, eksaherasyon at talinghaga
- 4. Maging makatotohanan sa hinihiling ninyo mula sa mga magulang na gawin**
 - ✓ Iwasan ang pagpapahiwatig na dapat ipadala ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan kahit na may sakit ang mga ito
- 5. Ipagtuon ang pansin ng talakayan sa "mga hindi pagpasok" kaysa sa "pagpasok o attendance"**
 - ✓ Ang pag-uusap tungkol sa "pagpasok" ay nagpapatunay lang sa mga pinaniniwalaan ng mga magulang na ginagawa na nila; ang pag-uusap tungkol sa "hindi pagpasok" ay nagtutuon ng kanilang pansin sa hindi nila nagagawa o nakakaligtaan nila
- 6. Ilarawan kung paano naitatag ng mga elementary school ang tagumpay sa hinaharap**
 - ✓ Tulungan ang mga magulang na maunawaan na ang pag-aaral ay bumubo sa isang kaayusan— ang hindi pagpasok ay isang nakaligtaang oportunidad na matutunan ang isang bagay na kakailanganin ng bata para maunawaan ang mas mahirap na materyal lumaon
- 7. Bigyan ang mga magulang ng mga tiyak na dahilan kung bakit malaking bagay ng hindi pagpasok, kaysa sa pagbibigay ng malalawak at di tiyak na pahayag**
 - ✓ Sabihin ang mga bagay tulad ng...
 - "Hindi ka puwedeng bumawi sa masyado maraming di pagpasok sa paaralan sa pamamagitan ng gawaing bahay o mga mauuwing assignment"
 - "Ang masyado maraming di pagpasok ay magpapahintulot sa kanilang mahuli sa pagbabasa, pagsusulat at sa matematika"
 - "Ang masyado maraming di pagpasok ay magpapaliit sa posibilidad ng kanilang di pagtatapos ng high school"
- 8. Makipag-ugnayan sa mga magulang tungkol sa kurikulum ng klase para matulungan silang maunawaan kung ano ang maaaring nakakaligtaan ng kanilang anak**
 - ✓ Sabihin ang mga bagay tulad ng...
 - "Kami ay nag-aaral para makilala ang mga numerator at denominator ngayong linggo. Mangyari lang tiyakin na hindi kailanman nakakaligtaan ng inyong anak ang pagpasok sa paaralan dahil ang kaniyang pag-uunawa sa leksyon na ito ay mas maihahanda siya para sa leksyon sa susunod na linggo tungkol sa pag-add ng mga fraction na may common denominators"
- 9. Hikayatin ang mga magulang ng gawin ang lahat ng kanilang makakaya para matiyak na ang kanilang anak ay parating makapasok sa paaralan**
 - ✓ Tanungin ang mga dahilan kung bakit ang bata ay wala at i-ugnay sa kanila ang mga naaangkop na dulugan (hal. mga isyu sa transportasyon, pag-aalaga ng bata, atbp.)

10. Gamitin ang mga text message para sabihin sa mga magulang ang tungkol sa mga hindi pagpasok, bilang isang bahagi ng patuloy at regular na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at magulang.

- √ Ang karamihan sa mga magulang ay nagsabing nagtiwala sila sa mga guro lalo na pagdating sa pagbibigay-alam sa kanila tungkol sa mga hindi pagpasok. Dahil maraming mga magulang ay umaasa sa mga text message nang higit sa anumang uri ng komunikasyon (kasama na ang mga tawag sa telepono at mga email), maaari itong gamitin para makatulong na matatag ang tiwala at regular na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at paaralan. Kung inyong kinokonsidera ang pamamaraan na ito, isaalang-alang ang mga [tip na ito sa pag-text ng mga magulang](#).